
# Ano ang
# Atrial Fibrillation (AFib)?

Ang Atrial Fibirillation, o AFib, ay nagaganap kapag ang itaas na bahagi ng puso, o ang atria, ay tumitibok nang iregular at sa hindi makontrol na paraan.[1]


## Normal na Pagtibok ng Puso

Ang pagdaloy ng elektrikal na mga signal sa normal na pagtibok ng puso.



## Atrial Fibrillation

Ang Atrial Fibrillation na may hindi normal na mga signal na nagmumula sa atria.



**1 sa 4** na matatandang may edad higit 40 ay nanganganib magkaroon ng AFib

**5X**

Ang mga taong may AFib ay **nanganganib** magkaroon ng stroke at pagpalya ng puso nang **5 beses**

Ilan sa mga **sintomas** nito ay pagkapagod, pagkahilo, pagkabalisa, at paghina ng kakayahang makapag-ehersisyo

## Gamutan

**Kadalasang mga gamot ang ibinibigay na paunang pangkontrol sa AFib.**

**50%**

Tinatayang nasa 50% ng mga pasyenteng may AFib ay hindi tinatablan o hindi kaya ng katawan ang ibinibigay na mga gamot.[3]

## Catheter Ablation

Ang Catheter ablation ay isang operasyon, kung saan maliit lamang ang gagawing paghiwa, na pinipigilan ang hindi normal na elektrikal na mga signal at ipinanunumbalik ang normal na pagtibok ng puso.[1]

Ang operasyong ito ay inirerekomenda ng American College of Cardiology at ng American Heart Association para sa mga pasyenteng hindi naging matagumpay ang gamutan.[2]

Get smart about AFIB.com

Kapag hindi tumalab ang mga gamot o binigyan ka nito ng hindi kaaya-ayang mga side effect, kumonsulta sa iyong doktor tungkol sa catheter ablation.

**Ang catheter ablation ay isang outpatient na operasyon kung saan maliit lamang ang gagawing paghiwa na maaaring:**

**Magpabuti** sa kalidad ng buhay

**Magbigay ginhawa** mula sa mga sintomas

**Mabawasan** ang tsansang magkaroon ng stroke

Ang mga pasyenteng sumailalim sa catheter ablation ay nakitaan ng hanggang sa **73% pagkawala ng mga sintomas** sa loob ng 4 na taon kung ikukumpara sa mga pasyenteng sumailalim sa gamutan.

## Ibalik Ang Kalidad ng Iyong Buhay

Kumonsulta sa iyong doktor kung ang catheter ablation ay nararapat para sa iyo.




1. Mayo Clinic. Cardiac Ablation https://www.mayoclinic.org/tests-procedures/cardiac-ablation/about/pac-20384993?p=1. Accessed December 6, 2022.
2. Hugh Calkins, Gerhard Hindricks, Ricardo Cappato, et al. 2017 HRS/EHRA/ECAS/APHRS/ SOLAECE expert consensus statement on catheter ablation and surgical ablation of atrial fibrillation. Heart Rhythm 2017.
3. Calkins H, Reynolds R, Spector P et al. Treatment of Atrial Fibrillation with Antiarrhythmic Drugs or RF Ablation. Circ Arrhythm and Electrophysiol. 2009.


Tulad ng anumang medikal na paggamot, maaaring mag-iba-iba ang mga resulta. Tanging ang mga espesyalista sa puso o electrophysiologist ang may kakayahang tumukoy kung ang ablation ang nararapat para sa iyo. Maaari itong magdulot ng panganib tulad ng pagdurugo, pamamaga, o pamamasa sa pinasukang bahagi ng catheter, at impeksyon. Bihira ang mga malalalang kumplikasyon, kabilang na ang pagkapinsala sa puso o mga daluyan ng dugo; pamumuo ng dugo (na maaaring humantong sa stroke); atake sa puso, o pagkamatay. Ang mga panganib na ito ay kailangang talakayin kasama ang iyong doktor at ang paggaling ay kailangang paglaanan ng panahon. Ang tagumpay ng operasyong ito ay nakasalal

Ang THERMOCOOL SMARTTOUCH* SF Catheter ay ginagamit sa paggamot ng drug refractory recurrent symptomatic paroxysmal atrial fibrillation (AF) at drug refractory recurrent symptomatic persistent AF (tuloy-tuloy na AF > 7 araw ngunit < 1 taon), refractory o hindi tinatalaban ng hindi bababa sa 1 Class I o III AAD, kapag ginamit kasabay ng CARTO* 3 System.

Mahalagang impormasyon: Bago gamitin, sumangguni sa mga direksyon sa paggamit na ibinigay kasama ng device na ito para sa mga indikasyon, mga kontraindikasyon, mga side effect, mga babala at pag-iingat.

Babala: Ipinagbabawal ng batas ng Estados Unidos ang pagbebenta nito ng o sa utos ng isang doktor.


Biosense Webster, Inc.
31 Technology Drive, Suite 200 Irvine, CA 92618
USA Tel: +1-909-839-8500 Tel: +1-800-729-9010
www.biosensewebster.com


©Biosense Webster, Inc. 2023 256008-230808


Get smart about AFIB .com